



Office of the Treasurer & Tax Collector

José Cisneros, Ingat-yaman

Isang Mensahe para sa Mga Nagbabayad ng Buwis sa San Francisco

Ginawa ang gabay na ito para matulungan kayong maintindihan kung paano binabayaran at ginagamit ang mga buwis sa pag-aari ng San Francisco. Ang unang pahina ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga buwis sa pag-aari sa SF at sa pagbabayad online, at ang pangalawang pahina ay may impormasyon tungkol sa mga programang tulong sa buwis sa pag-aari at iba pang mga mapagkukunan mula sa aming tanggapan. Nakipagtulungan ang aming tanggapan sa 311 para makapagbigay ng serbisyo sa customer sa lahat ng residente at negosyo ng San Francisco. Isumite ang iyong tanong sa pamamagitan ng pagpunta sa sftreasurer.org o sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 sa loob ng SF.

Traducciones disponibles en línea en sftreasurer.org

可通過 sftreasurer.org 在線獲取翻譯

Magagamit ang mga pagsasalin sa online sa sftreasurer.org

Timeline ng Buwis sa Pag-aari sa San Francisco

Hulyo

Ipinapadala ng tagatasa ang Notice of Assessed Value (Abiso sa Sinuring Halaga) sa mga nagbabayad ng buwis. May higit pang impormasyon sa sfaessor.org.



Setyembre

Inaprubahan na ng Lupon ng Mga Superbisor ang mga rate ng buwis sa pag-aari.



Oktubre 15

Dapat nakatanggap na ng singil sa buwis sa pag-aari ang lahat ng nagbabayad ng buwis.* May higit pang impormasyon sa sftreasurer.org.



Disyembre 10

Takdang petsa para sa pagbayad ng unang bahagi.



Abril 10

Takdang petsa para sa pagbayad ng pangalawang bahagi.



*Maaaring maglabas ng mga escape o karagdagang singil sa buwis na dagdag pa sa taunang singil sa buwis dahil sa pagbabago ng may-ari o bagong konstruksiyon.

Gusto mo Bang Makatipid ng Oras? Magbayad Online o Sa Pamamagitan ng Pagpapadala

Iwasan ang mahahabang pila at matagal na paghihintay sa City Hall sa pamamagitan ng pagbabayad online o pagpapadala. Makikita ang mga detalye sa likod ng iyong bill. Ang pagbabayad online o sa pamamagitan ng pagpapadala ay: Mas Madali, Mas Mabilis, at Mas Ligtas kumpara sa pagbabayad nang personal. Hindi ka sisingilin ng multa sa pagiging huli kung natanggap ang iyong online na kabayaran o sinelyuhan ng USPS ang iyong sobre ng kabayaran bago ang petsa ng pagkahuli. **Pumunta sa sftreasurer.org** para magbayad online.



Pinapanatiling ligtas at malusog ng mga buwis sa pag-aari ang ating lungsod

Umabot ang kita ng buwis sa Pag-aari ng SF ng higit sa \$3 bilyon noong nakaraang taon at binuo nito ang humigit-kumulang 25% ng kitang kinolekta ng lungsod. Sinusuportahan ng mga buwis sa pag-aari ang mahahalagang serbisyo ng lungsod tulad ng pulisya, bombero, pampublikong kalusugan, at mga parke at libangan.

Mayroon ding ilang mga buwis sa parsela (bahagi ng lupa) na ipinasa ng mga botante sa mga nakaraang taon, na sumusuporta sa SF Unified School District at City College of SF sa pagkakaloob ng mga modernong pasilidad at de-kalidad na edukasyon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga buwis sa parsela, bisitahin ang sfusd.edu at pumunta sa About SFUSD (Tungkol sa SDUSD) → Voter Initiatives (Mga Inisyatiba ng Botante), o bisitahin ang ccsf.edu at i-search ang parcel tax.



Alamin ang Tungkol sa Mga Programa ng Tulong sa Buwis sa Pag-aari!

Mga Pagbubukod para sa Senior Citizen ng SFUSD

Sa loob ng nakaraang dekada, inaprubahan ng mga mamamayan ng San Francisco ang mga kilos upang magbigay ng pondo sa SF Unified School District. Lahat ng mga kilos na ito ay naglaman ng pagbubukod para sa mga senior citizen na nakatira sa pag-aari kung natutugunan nila ang mga partikular na kwalipikasyon. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa www.sfusd.edu/seniorexemption.

Mangyaring Tandaan: Ang mga parselang nakatanggap ng pagbubukod noong 2018-2019 AT patuloy na natutugunan ang mga kwalipikasyon ay awtomatikong mabubukod para sa 2019-2020. Kung nais mong malaman ang iyong katayuan, magpadala ng email sa SeniorExemptionOffice@sfusd.edu, at isama ang numero ng iyong bloke at lote at pangalan ng senior citizen na naninirahan sa parselang.



Mga Senior Citizen at Taong may Mga Kapansanan



Pinapayagan ng Property Tax Postponement Program (Programa sa Pagpapaliban ng Buwis sa Pag-aari) ng Tagakontrol ng Estado ang mga may-ari ng tahanan na senior citizen, bulag, o may kapansan, na ipagliban ang pagbabayad ng buwis sa pag-aari para sa kasalukuyang taon kung natutugunan nila ang mga partikular na kwalipikasyon. Magiging available ang mga aplikasyon para sa 2019-20 sa Setyembre 2019. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa **(800) 952-5661** o pumunta sa www.sco.ca.gov at i-search ang property tax postponement.

Mga Karagdagang Mapagkukunan Mula sa Aming Tanggapan

Pagtuturo Tungkol sa Mahnsay na Paggamit ng Pera

Ang aming libre, kumpidensiyal, personal na pagtuturo tungkol sa pera ay makakatulong sa iyong bawasan ang iyong utang, itaguyod at pagbutihin ang iyong iskor sa kredito, simulan o paramihin ang iyong ipon, at magbukas ng o lumipat sa isang ligtas at abot-kayang bank account. Available ang serbisyong ito sa 15 lugar sa buong SF. Pumunta sa sfgov.org/ofe at i-click ang Smart Money Coaching para maghanap ng lokasyon, o tumawag sa **877-256-0073** para magpa-iskedyul ng appointment.



Mga Savings Account Mula Kindergarten hanggang Kolehiyo



Ang San Francisco Kindergarten to College (K2C) ay isang programa ng pagtitipid para sa kolehiyo na itinatag ng Office of the Treasurer & Tax Collector (Tanggapan ng Ingat-yaman at Tagakolekta ng Buwis) kasama ang SF Unified School District. Awtomatikong nagbubukas ang aming tanggapan ng isang K2C savings account para sa kolehiyo para sa bawat mag-aaral ng SFUSD na nagsisimula ng kindergarten. Sinisimulan namin ang bawat account nang may \$50, at may pagkakataon ang mga pamilya na makatanggap ng mga karagdagang insentibo para sa pag-iipon. Upang matuto pa tungkol sa K2C, pumunta sa sfgov.org/ofe/k2c.

Bisitahin ang aming bagong website!

Nagbukas kami ng bagong website kamakailan! Naghahanap ka man ng impormasyon tungkol sa buwis sa pag-aari, nagbabayad online, o nagpaparerehistro ng bagong negosyo, umaasa kaming madali mong magagamit at matutulungan ka ng bagong website. Bisitahin ang aming bagong website sa sftreasurer.org.



Office of the Treasurer & Tax Collector
City Hall, Room 140
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
San Francisco, CA 94102
sftreasurer.org